Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin
©2022

Marso 19

SAN JOSE,
KABIYAK NG PUSO
NI SANTA MARIANG BIRHEN



PINTAKASI NG
KILUSAN NG MISANG LATIN SA CAVITE

• *I cl.* • *Doble I cl* • *Puti*

Antipona sa Komunyon • *Mt 1:20*

[*Ang takot ni Jose ay pinawi ng salita ng Anghel ng Panginoon.*]

Ioseph, fili David, noli timére accípere Maríam cóniugem tuam: quod enim in ea natum est, de Spíritu Sancto est.

Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong kabiyak: pagka't ang ipinaglilihi niya'y lalang ng Espiritu Santo.

Panalangin Matapos ang Komunyon

[*Manatili nawa sa atin ang pagpapala ng Dios.*]

Adesto nobis, quæsumus, miséricors Deus: et, intercedénte pro nobis beáto Ioseph Confessóre, tua circa nos propitiátus dona custódi. Per Dominum.

Lingapin Mo kami, hinihiling namin sa Iyo, O Dios na maawain: at alang-alang sa Iyong Kumpesor na si San Jose ay ingatan Mo sa amin ang Iyong mga kaloob. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Panalangin Kay San Jose

ni Papa Leon XIII

Sa iyo po, maluwalhating San José, nagsasakdal kami sa aming mga kapighatian, at pagkahingi namin ng saklolo sa iyong kabanal-banalang esposa, idinadalangin din namin ang iyong saklolo taglay ang buong pananalig. Alang-alang sa dalisay na pag-ibig na ipinakisama mo sa kalinis-linisang Birheng Mariang Ina ng Diyos, at sa maka-amang pagsinta na iniyakap mo sa banal na Sanggol na si Hesus ay isinasamo namin sa iyo nang lubos na kapakumbabaan ng loob na ilingap mo ang mga mata mong maawain sa manang kinamtan ni Hesukristo ng kanyang dugo, at ampunin mo ang aming mga pangangailangan ng iyong tulong at kapangyarihan.

O lubhang maingat na tagapagtangkilik ng mag-ina ni Hesus, ampunin mo ang hirang na lipi ni Hesukristo. Ilayo mo sa amin ang tanang karungisan ng maling aral o masamang ugali. O makapangyayari at maawaing Pintakasi, tulungan mo kami buhat sa langit sa pakikipaglaban namin sa demonyo. Ipagtanggol mo ngayon ang Santa Iglesya ng Diyos sa kalupitan at sa mga silo ng kanyang kaaway at sa dilang hilahil, gaya ng pagliligtas mo noon sa mahal na Sanggol na si Hesus sa panganib na kinalagyan ng kanyang buhay. at kupkupin mo naman kaming lahat lagi ng iyong saklolo upang sa pamamagitan ng iyong pag-aampon at tulad mo ay matuto rin kaming mabuhay at mamatay sa kabanalan at makamtan namin ang kapalarang walang hanggan sa langit. *Amen.*

Prepasyo sa Pista ni San Jose, Kabiyak ng Puso ni Maria

Vere dignum et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Et te in Festivitate beáti Joseph débitis magnificáre præcóniis, benedícere et predicáre.

Qui et vir justus, a te Deíparæ Vírgini Sponsus est datus: et fidélis servus ac prudens, super Famíliam tuam est constitútis: ut Unigénitum tuum, Sancti Spíritus obumbratióne concéptum, patérna vice custodíret, Jesum Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concelebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítti iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:

— Sanctus, Sanctus, Sanctus…

Tunay ngang marapat at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Diyos; upang purihin, pagpalain at luwalhatiin Ka sa Kapistahan ni San José.

Siya ang banal at tapat na lalaking ibinigay mo sa Birheng Ina ng Diyos bilang kabiyak; at siya'y inilaang karapat-dapat, at ang banal na lingkod sa Iyong Angkan: upang kaniyang ingatan, bilang ama, ang Iyong Bugtong na Anak, na ipinaglihi lalang ng Espiritu Santo, na si Jesucristong Panginoon namin.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potestad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:

— Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…

ANG MISA

Pambungad na Antipona • *Ps 91:13-14*

[*Si San Jose ay isang halimbawa ng maunlad na lirio sa halamanan ng Dios*]

Justus ut palma florebit, sicut cedrus Líbani multiplicábitur: plantátus in domo Dómini: in átriis domus Dei nostri.— *Ps 91:2* Bonum est confiteri Dómino: et psállere nómini tuo, Altíssime. *V.* Gloria Patri. Justus.

Ang matuwid ay mamumulaklak parang puno ng palma: siya'y kakapal na gaya ng sedro sa Libano: natatag siya sa bahay ng Panginoon, sa mga looban ng bahay ng ating Diyos. — *Salmo 91:2* Mabuting pasalamatan ang Panginoon at awitan ang ngalan ng Kataas-taasan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ang matuwid...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

Panalangin sa Misa (Kolekta)

[*Isamo natin ang pamamagitan ni San Jose upang katulad niya'y marapat tayong pumasok sa buhay na walang hanggan.*]

Sanctissimæ Genetrícis tuæ Sponsi, quæsumus. Dómine, méritis adiuvémur: ut, quod possibílitas nostra non óbtinet, eius nobis intercessióne donétur: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

Hinihiling namin sa Iyo, O Panginoon, na alang-alang sa mga karapatan ng kabiyak ng Iyong Kabanal-banalang Ina, ay saklolohan Mo kami upang makamtan namin sa kaniyang pamamagitan ang hindi namin matamo sa sariling kakayahan. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

Sa mga Misa ngayong araw, may paggunita sa Cuaresma.

Pagbasa • *Sir 45:1-6*

Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan.

[*Si San Jose ay kinalugdan ng Dios, at iginagalang na mahal nitong Santa Iglesia.*]

Minahal siya ng Diyos at ng mga tao, ang alaala niya'y pinagpala. Niluwalhati siya ng Panginoon tulad ng mga Banal, at ginawang dakila at kasindak-sindak sa kanyang mga kaaway; at sa salita niya'y huminto ang kapahamakan. Dinakila siya sa harapan ng mga hari, at ibinigay sa kanya ng Panginoon ang Kautusan para sa kanyang bayan at pinakitaan siya ng kanyang kaluwalhatian. Pinabanal siya sa kaniyang katapatan at kababaang-loob at ibinukod sa lahat ng tao.

Ipinarinig sa kaniya ng Dios ang sariling tinig, dinala siya sa kadiliman at harap-harapang ibinigay sa kaniya ang mga kautusan sa ulap, ang batas ng buhay at kaalaman upang maituro kay Jacob ang tipan at maipahayag ang mga kautusan sa Israel. — *R.* **Salamat sa Diyos.**

Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 8:6-7*

Gloria et honóre coronásti eum.
V. Et constituísti eum super ópera mánuum tuárum, Dómine.

Kaluwalhatian at karangalan ang ipinutong Mo sa kaniya.
V. At hinirang mo siya sa lahat ng mga gawa ng Iyong kamay, Panginoon.

Aleluya

Allelúia, allelúia. *V.* Fac nos innócuam, Joseph, decúrrere vitam: sitque tuo semper tuta patrocínio. **Allelúia, allelúia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Ipagkamit mo po sa amin, O San Joseng butihin, isang tumpak at malinis na pamumuhay, at aming landasi'y kupkupin sa iyong pagtatangkilik. **Aleluya, aleluya!**

Kung ang pista ay tatapat sa Septuagesima at Cuaresma, ito ang aawitin sa halip ang Aleluya*:*

Tracto • *Ps 111:1-3*

Beatus vir, qui timet Dominum: in mandatis eius cupit nimis.
V. Potens in terra erit semen eius: generatio rectorum benedicetur.
V. Gloria et divitiae in domo eius: et iustitia eius manet in saeculum saeculi.

Pinagpala ang taong may takot sa Panginoon, at sumusunod sa Kaniyang mg autos.
V. Makapangyarihan ang kaniyang magiging binhi dito sa lupa, at ang lahi ng matuwid ay pagpapalain.
V. Kasagaanaan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at kaniyang kabutiha'y nananatili magpakailan man.

Sa Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay, ito ang aawitin sa halip ng mga Paningit na Awit*:*

Dakilang Aleluya • *Sir 45:9 Hos 14:8*

Allelúia, allelúia. *V.* Amavit eum Dominus, et ornavit eum: stolam gloriae induit eum.

Aleluya, aleluya! *V.* Minamahal siya ng Poon, at binihisan siya't dinamitan ng maluwalhating kasuotan.

Allelúia. *V.* Iustus germinabit sicut lilium: et florebit in aeternum ante Dominum. **Allelúia.**

Aleluya. *V.* Ang matuwid ay uunlad tulad ng isang lirio, at yayabong kailanman sa harapan ng Poong Maykapal. **Aleluya.**

Ebanghelyo • *Mt 1:18-21*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

[*Natagpuang tapat at banal na lingkod ng Dios si San Jose. Tularan natin ang kaniyang pagkamasunurin sa kalooban ng Dios*]

Noo'y si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang magpakasal: ngunit bago sila makasal, nagdadalang-tao na si Maria sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Subalit dahil isang matuwid na tao si Jose na kanyang mapapangasawa, at ayaw nitong malagay sa kahihiyan si Maria, binalak niyang hiwalayan si Maria nang palihim. Ngunit habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria, sapagkat ang sanggol na dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo. Magsisilang siya ng isang batang lalaki at Jesus ang ipapangalan mo sa sanggol sapagkat ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

Antipona sa Pag-aalay • *Ps 88:25*

Veritas mea et misericórdia mea cum ipso : et in nómine meo exaltábitur cornu ejus.

Katotohanan ko't habag sumasakaniya, at sa ngalan Ko'y itinataas ang kaniyang noo.

Panalangin Ukol sa mga Alay

[*Pakumbaba tayong humiling sa Dios na ingatan ang kaniyang mga ipinagkaloob sa atin.*]

Debitum tibi, Dómine, nostræ réddimus servitútis, supplíciter exorántes: ut, suffrágiis beáti Ioseph, Sponsi Genetrícis Fílii tui Iesu Christi, Dómini nostri, in nobis tua múnera tueáris, ob cuius venerándam festivitátem laudis tibi hóstias immolámus. Per eundem Dominum.

Iniuukol namin sa Iyo, O Panginoon, ang bayad ng aming paglilingkod at mapagpakumbabang hinihiling na alang-alang sa mga karapatan ni San Jose, kabiyak ng Ina ng Iyong Anak na si Jesucristo na aming Panginoon, ay ingatan Mo sa amin ang Iyong mga kaloob, yayamang sa pagdiriwang ng kanyang kapistahan ay inihahandog namin sa Iyo itong alay ng kapurihan. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...